Tugon sa Patuloy at Mabilis na Pagkalat ng Impeksyon sa "7th Wave" ~Deklarasyon ng Gifu para palakasin ang Countermeasures laban sa BA.5（Buod）~

Panahon ng pagpapatupad : Agosto 5 ～Setyembre 30

Sa Ptrepektura ng Gifu, ang bilang ng mga bagong positibong kaso ay bumaba sa unang pagkakataon sa loob ng halos dalawang buwan sa loob ng isang linggo mula Agosto 21 (Linggo) hanggang 27 (Sabado). Sa kabilang banda ang bilang ng mga bagong positibong kaso sa bawat 100,000 katao nananatili sa isang mataas na antas ng higit sa 1,000 katao na kumakalat sa malawak na hanay ng mga henerasyon at sa buong Prepektura.

Nananatili pa ring lampas na sa 50% ang bed occupancy rate at patuloy na tumataas. Bilang karagdagan, patuloy pa rin itong nakaka epekto hindi lamang sa COVID cases, kundi pati na rin sa General Medicine.

Dahil sa sitwasyong ito, palalawigin ang panahon batay sa pag-usad ng mga counter measures hanggang sa katapusan ng Setyembre at hinihiling namin ang inyong kooperasyon sa pagpapalakas ng mga infection countermeasures.

Nais kong hilingin sa mga mamamayan ng Prepektura na ipatupad kaagad at lubusan ang mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.

＜Hinihiling na kooperasyon mula sa mga Mamamayan ng Gifu＞

○ Kumuha ng pretest (libreng test) ang mga taong may edad na o taong may comorbidities (diabetes, high blood, atbp).

○ Mahigpit na pag-iwas sa paglabas-labas o sa mataong lugar o lugar kung saan mataas ang panganib ng impeksyon

○ Gumamit ng emergency department at ambulansya kung talagang kinakailangan lamang

○ Kung nagsimulang magkaroon ng sore throat, lagnat o anumang sintomas ng sakit, gawin ang masusing hakbang tulad ng pagpapahinga (*yasumu*), atbp.